

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 4 Blg. 3

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Mayo-Hunyo 2016

Tagumpay ni Ka Victor

Sipag, tiyaga, pagmamahal ang susi sa pag-unlad

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Kung mayroon mang estratehiyang ginagamit si Victoriano Dumale, 59, isang magsasakang-maggagatas mula sa Brgy. Licaong, Science City of Muñoz, Nueva Ecija, para unti-unti niyang mapataas ang antas ng kanyang pamumuhay, ito ay ang ibayong sipag, tiyaga, at pagmamahal sa kanyang mga alagang gatasang kalabaw na itinuring na niyang kapamilya bukod sa pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan.

Si Dumale ay isa ngayon sa mga magsasakang-maggagatas sa probinsiya ng Nueva Ecija na nagpapatotoo na may asenso at pag-unlad sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw. Miyembro siya ng Licaong Dairy Producers Cooperative (LDPC) na isa sa mga ginagabayang kooperatiba ng Philippine Carabao Center (PCC).

Isa rin siya sa kinikilalang masigasig at matiyagang magsasaka ngayon pagdating sa pag-aalaga ng kalabaw. Maituturing din siyang magsasaka na nakasumpung ng pag-asa sa nasabing gawain.

Pagsisimula sa pagkakalabaw

Ayon kay Dumale, taong 2010 noon nang magsimula siyang mag-alaga ng gatasang kalabaw mula sa PCC.

Aniya, nabalitaan niya noon

sa kaparehas niyang magsasaka ang tungkol sa programa ng ahensiya patungkol sa pagpapaiwi ng kalabaw kaya naman agad niya itong sinunggaban.

Hindi nagtagal, matapos siyang mag-aplay at makasunod sa mga pangangailangan tulad ng pagsapi sa LDPC, pagtitindig ng kulungan, pagtanim ng damong *napier* sa 1000 metro kwadrado niyang lupain at iba pa, na itinakda ng PCC, nabiyayaan siya ng isang *Brazilian Buffalo* katulad ng iba pa nilang kasapi sa kooperatiba.

Ang kalabaw na nakuha ni Dumale ay pinangalanan niyang "Freda". Isinunod niya ito sa pangalan ng ikalawa niyang anak na si Freddie Boy Dumale dahil sa itinuring na niya itong bahagi ng kaniyang pamilya.

(Sundan sa p.3)



Panibagong sangay ng NEFEDCCO-Cremeria Ecijana nagbukas na

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Nagbukas kamakailan ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) ng panibagong sangay ng tindahan nitong "Cremeria Ecijana" noong Mayo 30 sa Maharlika Highway, Pinagpanaan, Talavera

sa Nueva Ecija upang mailapit sa publiko ang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw at nang mas marami pang mamimili ang makakilala at tumangkilik sa mga produktong ito.

Ang NEFEDCCO ang nagsisilbing *umbrella organization* at *marketing arm* ng mga kooperatibang nabuo sa tulong at patnubay ng PCC sa probinsiya

na kinalauna'y tinalaga bilang *national impact zone (NIZ)* para sa *carabao development program*.

Ang pangunahing tindahan at *milk collection at processing center* nito na matatagpuan sa barangay San Ricardo, Talavera, Nueva Ecija ay nagpoproseso at nagbebenta ng *fresh, pasteurized, non-fat and flavored milk drinks* (pandan,

(Sundan sa p.2)

Tamang pagtatala, pinag-aralan

Ni Khrizie Evert M. Padre



Si Dr. Richard V. Simangan, unit head ng DTI Provincial Director office sa Nueva Ecija, habang tinuturuan ang mga kalahok sa tamang pagtatala at pagsasaayos ng libro.

Nabigyan ng dagdag-kaalaman sa pagtatala at pagsasaayos ng libro ang mga kinatawan ng 13 *assisted dairy cooperatives* ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Nueva Ecija sa isang pagsasanay na pinangunahan ng mga kawani ng Department of Trade and Industry- Regional Office III (DTI-3).

Ang 20 kinatawan sa pagsasanay ay kabilang sa mga kooperatibang napagkalooban ng mga makinaryang pangatasan sa ilalim ng programang *Shared Service Facility (SSF)* ng DTI.

Ang SSF ay ang pangunahing programa ng DTI para sa pagpapaunlad ng *Micro Small and Medium Enterprises (MSMEs)* sa pamamagitan ng pagkaloob ng mga kagamitan, pagtuturo ng mga kasanayan at pagbabahagi ng

kaalaman sa pagnenegosyo.

Naging paksa sa nasabing pagsasanay ang *Level 1: Basic Recording at Bookkeeping*.

Ito ay isa lamang sa maraming pagsasanay na isinasagawa ng DTI-3 sa ilalim ng programang *Small and Medium Enterprise Roving Academy (SMERA)* para sa mga *MSMEs* sa rehiyon. Sa pamamagitan ng *SME Roving Academy*, magsasagawa ng mga serye ng talakayan ukol sa pagnenegosyo upang matulungan ang mga negosyante na magkaroon ng mas kapaki-pakinabang na pag-unlad sa kanilang mga negosyo at masustinihan ito. Hangad din nitong maging handa ang mga *MSMEs* na makipagsabayan sa lokal at pandaigdigang merkado.

Isa si *Chairman* Ludivico Guieb Sr. ng *Ayos Lomboy Producers*

(Sundan sa p.3)

Tanong at Sagot

Mga dapat malaman sa sakit na SURRA

Tinipon ni Lester S. Verona

Ano po ba ang sakit na Surra?

Ang sakit na *surra* ay isang delikadong sakit ng mga hayop na karaniwang dulot ng parasitong *Trypanosoma evansi*. Kadalasan, ito ay naisasalin sa pamamagitan ng kagat ng bangaw na may dalang parasito na nabanggit. Dumadapo ang karamdamang ito sa iba't-ibang uri ng hayop kasama ang kalabaw at maaaring humantong sa pagkamatay.

Ano po ba ang mga palatandaan o sintomas ng sakit na ito?

Ang mga sumusunod ay ang palatandaan na nagkaroon ng sakit na *surra* ang alagang hayop.

- Pananamlay
- Mataas na lagnat
- Pamamaga ng tuhod at parteng dibdib
- Mabilis na pagbaba ng timbang o pamamayay
- Aborsyon sa huling 3 buwan ng pagbubuntis

Ano po ang dapat gawin kapag hinihinalang may sakit na *surra* ang alagang kalabaw?

Tumawag agad ng beterinaryo o *extension worker* na siyang kukuha ng *blood sample* upang masuri ang nakuhang *sample* sa laboratoryo. Ang serbisyong ito ay libreng naibibigay ng Philippine Carabao Center para sa mga magsasakang pangunahing kliyente nito.

Paano po ba makakaiwas ang alagang kalabaw sa sakit na *surra*?

Nararapat na pabakunahan ang alagang kalabaw sa teknisyang o beterinaryo ng PCC para makaiwas ito sa nasabing sakit. Ang pagbabakuna ng gamot laban sa sakit na ito ay isinasagawa mula dalawa hanggang apat na beses sa isang taon.

Nakakahawa po ba ang sakit na *surra* sa tao?

Sa ngayon, wala pang pag-aaral na nagpapatunay na ang *surra* ay may bantang panganib sa tao kaya hindi pa natitiyak kung nakakahawa sa tao ang sakit na ito.

Panibagong sangay... (mula sa p.1)

lacto-juice, coffee, strawberry and choco), pastillas (pastillas de leche, plain pastillas, yema pastillas, and ube pastillas), keso (cottage cheese, quick-melt white cheese, paneer and plain white cheese), yogurt drinks, leche flan, ice candy at ice cream.

Ang mga nasabing produkto ay mabibili rin sa *branch store* at ngayon ay tumatanggap na rin ang NEFEDCCO ng karagdagang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw mula sa mga *consigned local entrepreneurs* tulad ng milkaroons, bibingkang

gatas at *macapuno* na pinoproseso naman ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative, isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng PCC.

Ayon kay Gerardo F. delos Santos, *chairman* ng NEFEDCCO, pagkatapos nilang ayusin ang mga *standard requirements* ay maglalagay rin sila ng iba't ibang produkto mula sa karne ng kalabaw.

"Hindi lang produktong gatas ang ibebenta namin dito sa *branch store* pati karne ng kalabaw ay maglalagay na rin kami para kumpleto na," ani delos Santos.

Dagdag pa niya, nagpapalano

rin silang magbukas ng tindahan sa Quezon City at iba pang bahagi ng Luzon kung magiging maganda ang kita nila sa *branch store* sa Pinagpanaan.

Ilan sa mga gagawing paraan upang maipakilala ang produkto ng Cremeria Ecijana, ayon kay *chairman* delos Santos, ay pagpapakalat ng polyetos sa mga *terminals* at mga taong nagdadaan at paggamit ng *social media* sa pamamagitan ng paggawa ng *facebook page* para sa mga produkto nito.

Nangako naman si Dr. Arnel N. Del Barrio, PCC *acting executive director* na susuportahan ng PCC ang NEFEDCCO sa adhikain nito at siya

rin ay nagbigay ng payo sa mga tao sa likod ng *federation*.

"Habang pinalalawak ninyo ang inyong merkado, mahalaga na panatilihin ninyong maganda ang kalidad ng inyong produkto at dapat laging *available*. Pinakamahalaga rin na sanayin ninyo ang sarili niyo na makitungo ng maayos sa mga mamimili, dapat maganda ang serbisyong ibinibigay niyo sa kanila. Kapag pinagpatuloy niyong gawin ito, babalik-balikan kayo ng mga *customers* at sila mismo ang magbabalita nito sa iba," wika niya.

Sipag, tiyaga... (mula sa p.1)



Si Victoriano Dumale (nakadilaw) kasama ang kanyang pamilya.

Matapos ang kulang isang taon, hindi naman nagkamali si Dumale na pumasok sa bagong gawain. Aniya, naranasan niya agad na kumita ng malaki mula rito dahil kaagad naman itong nagbigay ng gatas sa kaniya.

Kwento niya: “Tuwang-tuwa ako noon dahil kulang isang taon lamang ay napaanak at nagatasan ko na ang aking kalabaw. Maliban dito, kumita na agad ako ng Php68,000 sa loob pa lamang ng apat na buwan na paggagatas. Kaya naman, magbuhat noong 2011, nag-*full-time* na ako rito at hindi na nagtanim ng palay”.

Matapos ang anim na taon, hindi naman nabigo si Dumale na maparami ang alagang kalabaw. Sa kasalukuyan, pito na ang kaniyang inaalagaan kabilang si Freda. Dalawa sa mga nadagdag niyang kalabaw ay mula sa PCC samantalang iyong apat naman ay anak ng kaniyang mga inaalagaang kalabaw mula sa ahensiya.

Kakaibang pag-aalaga sa kalabaw

Maliban sa mga benepisyong nakakamit ng pamilya ni Dumale sa pag-aalaga ng kalabaw, isa ang kakaiba rin niyang pag-aalaga sa dahilan kung bakit sinusuklian siya ng magandang kita ng kaniyang mga alagang kalabaw.

Ayon kay Dumale, palibhasay itinuturing na niya itong pamilya at inaalagaan na parang mga anak, binibigyan siya ng kanyang mga alaga ng maraming gatas.

“Karaniwan, nakakakuha ako ng 10 litro ng gatas kada araw

sa bawat alaga kong kalabaw. May panahon din na ‘yong kalabaw ko na si Freda ay binibigyan ako ng 14 litro kada araw dahil lamang sa mahusay na pag-aalaga ko sa kaniya,” masayang sabi ni Dumale.

Ibinahagi ni Dumale kung paano niya inaalagaan ang kaniyang mga kalabaw. Aniya, ang ginagawa niyang pag-aalaga ay simple lang. Binabantayan niya ito ng mabuti, pinakakain at pinaiinom ng wasto sa buong araw hanggang magdamag.

“Sa umaga, madalas kong pakainin ng damong *napier* at painumin ‘yong mga alaga kong kalabaw na tulad sa turo sa amin ng PCC. Sa gabi naman, magmula alas-otso hanggang alas kwatro ng madaling araw, pinakakain ko ng damong *Napier* ang aking mga alagang kalabaw kada dalawang oras para masiguro na masusuplayan ‘yong pangangailangan nila sa nutrisyon,” masayang pagbabahagi ni Dumale. Bilang resulta, malulusog at marami kung nagbigay ng gatas ang mga alaga niya.

Gayundin, bukod pa sa kaniya na nag-aalaga rito, isa pa ang kaniyang asawa sa matamang nagbantay at nag-aalaga ng kanilang mga kalabaw.

“Sa katunayan, ‘yong asawa ko laging nakasunod sa mga alaga naming kalabaw. Hindi niya hinahayaan na dumumi ito at pati ‘yong kulungan. Kada dudumi ‘yong kalabaw namin, sinusundan niya agad ng pagwawalis at paligo para lagi itong maging malinis katulad ng tao,” masayang kwento ni Dumale.

Dagdag niya, dahil sa suportang ibinabahagi ng kaniyang asawa at

Benepisyo ni Ka Victor

- May kitang Php1,375 mula sa 25 litrong gatas na nakukuha sa tatlong gatasang kalabaw kada araw

- Napagtapos ang dalawang anak sa kolehiyo

- Nakapagpundar ng tricycle na ginagamit sa pag-*deliver* ng gatas

- Napalawak ang kulungan ng kalabaw na dati rati ay gawa lamang sa marupok na materyales tulad ng kawayan at pawid

“Sobrang saya ko dahil napakalaki na talaga ng naitulong sa akin ng pagkakalabaw. Kung hindi dahil sa mga ‘yan, hindi ko alam kung paano kong maitataguyod ang aking pamilya. Hindi ko rin alam kung paano ko mapagtatapos ‘yong dalawa kong anak sa kolehiyo. Minsan nga itinatanong ko sa sarili ko na paano kapag wala na akong kalabaw? Ano nang mangyayari sa akin kapag wala na sila?”

-Victoriano Dumale

ng kaniyang pamilya, mas lalo pa siyang ginaganahan sa pag-aalaga ng kalabaw.

“Hanggang nabubuhay ako, ipagpapatuloy ko lamang ang gawaing ito dahil naniniwala ako na kapag patuloy akong nagsumikap, nagtiyaga at minahal ‘yong gawaing ito, hindi malabong matupad naming ‘yong iba pa naming pangarap at umasenso sa buhay,” masayang pagtatapos ni Dumale.

DTI, DAR nagbigay-ayuda sa negosyong paggagatasan ng CAMPCI

Ni Marilou A. Santos

Nagbigay ang Department of Trade and Industry (DTI) ng Shared Service Facility (SSF) para sa *dairy processing* ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPCI) noong June 28.

Binubuo ito ng *pasteurizer, stainless steel working table, pedal-type impulse sealer at ph meter with glass electron*, ang nasabing SSF ay nagkakahalaga ng Php412,352.

Bukod dito ay nagkaroon din ng *turn-over* bilang bahagi ng Village-Level Processing Center Enhancement Project (VLPCEP) ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa CAMPCI na nagkakahalaga naman ng Php100,000.

Inaasahang dahil sa mga ayudang ito, tataas ang produksyon at kalidad ng aning gatas ng CAMPCI.

Ayon kay Brigida T. Pili, DTI Provincial Director, inilunsad sa CAMPCI ang ika-34 na SSF ng DTI. Layon ng SSF na punan ang mga pangangailangan para sa mas pinag-iging negosyong salig sa paggagatas.

Ayon naman kay PCC Acting Executive Director Dr. Arnel Del Barrio, pinalalakas ang kakayanan ng mga kooperatiba upang maging kwalipikado silang *supplier* ng gatas sa *milk feeding program* para sa mga pampublikong paaralan bilang isa sa mga pagtutuunang-pansin ng bagong administrasyon.

Hinikayat din niya ang lahat ng kasapi ng *Nueva Ecija Micro Small and Medium Enterprise Development Council (NEMSMEDC)*, na kasapi din naman ng *Nueva Ecija Dairy Convergence System*, na maging mas aktibo at patuloy na makiisa sa mga gawaing pagtataguyod ng mas makabuluhan at kapaki-pakinabang na suportang industriya ng paggagatasan.

Tamang pagtatala... (mula sa p.2)

Cooperative sa Brgy. Ayos Lomboy, Guimba, Nueva Ecija sa mga kalahok na nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa tinamong

kaalaman ukol sa pagsasanay.

“Nagpapasalamat kami sa nagturo sa amin ng pagtatala ng libro na ating ginagampanan araw-araw sa ating

kooperatiba. Napakainam na napag-aralan ko ang tungkol dito dahil bilang *chairman* mas naiintindihan ko na ngayon ang talaan ng aming grupo. Dahil dito malalaman ko na rin kung paano namin inuumpisahan ang aming paghahanapbuhay, paano

ito kikita, kumita at hindi kumita.

Ang pagsasanay ay ginanap noong ika-17 ng Hunyo sa PCC National Headquarters and Gene Pool, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Pinakaunang *dairy buffalo production school* sa bansa, pinangunahan ng PCC

Ni Paul John Villamor



Sumailalim sa *preliminary assessment* ang mga kalahok sa kaunaunahang *Farmers' Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)* na isa sa mga proyekto ng PCC.

Nagbukas ng panibagong oportunidad ang Philippine Carabao Center (PCC) sa mga magsasakang-maggagatas upang matutunan ang mga epektibong pamamaraan at teknolohiya sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw.

Sasailalim sa tinatawag na *Farmers' Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)* ang piling mga kalahok para maisakatuparan ang naturang ayuda.

Sinabi ni Dr. Eric Palacpac, *FLS-DBP project leader* na ang PCC ay patuloy lamang na tumutupad sa pangako nitong paggabay sa mga magsasakang-maggagatas at iba pang tumatangkilik sa kabuhayang salig sa kalabaw.

"Inabot kami ng taon upang buuin itong plano na talagang babagay sa panlasa ng mga magsasakang maggagatas, kung saan tiniyak namin na sa bawat aralin ay hindi sila mababagot dahil makararanas sila ng maraming masasayang aktibidad," ani Dr. Palacpac.

Nagsimula na ang proyekto sa San Jose City at Guimba sa Nueva Ecija nitong Mayo at nasundan pa ng pagbubukas ng isang *batch* sa Ilocos Norte nitong Hunyo.

Tatagal ng 34 na Biyernes para sa mga taga San Jose City at Ilocos Norte at 34 na Miyerkules

para naman sa mga taga Guimba ang aaraling mga module ng mga piling kalahok.

Hinamon naman ni Dr. Felomino Mamuad, *PCC deputy executive director* ang mga magsasakang-maggagatas na seryosohin ang bawat aralin at kumbinsihin ang kanilang mga sarili na kapag nagsikap ay matutupad ang pangarap ng bawat isa.

"Disiplina lang ang sikreto sa pagtatagumpay sa paggagatas ng kalabaw," dagdag pa niya matapos magbigay ng mensahe sa unang araw ng pagsasagawa ng *FLS-DBP* sa San Jose City.

Nakaamba ang mga leksyong tungkol sa *feeding, record, animal health, and breeding management; product processing; at enterprise development* na isa-isang tatalakayin.

Ayon kay Dr. Palacpac, ang pagbuo ng pinakaunang *Dairy Buffalo Production school* sa bansa na gagawin ng PCC sa pakikipagtulungan ni Ms. Anna Marie Alo, *senior science research specialist* ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) na naunang nagsagawa ng *FLS* sa pagkakambing sa Region I nitong nagdaang mga taon.

Pagpapataas ng kalidad ng pakaing dayami itinuro sa mga magsasakang-maggagatas

Ni Paul John Villamor

Mapakikinabangan nang husto ang dayami kung matutuhan ang pagpapataas ng kalidad nito bilang pakain sa mga gatasang kalabaw.

Ipinaliwanag sa mga magsasakang-maggagatas ang impormasyong ito sa isinagawang *Community-based Science and Technology Project on the Preparation and Utilization of Urea-Treated Rice Straw (UTRS) as fodder for Dairy Buffaloes* ng Philippine Carabao Center (PCC).

Kinumpirma ni Dr. Daniel Aquino, PCC at CLSU director na magiging mataas ang kalidad ng dayami kung maituturo ang paggawa ng *urea molasses solution* na kapag inihalo sa dayami at inimbak ay tinatawag na UTRS.

Paliwanag ni Dr. Aquino, ang dayami na may 44% *protein content* at 47% *digestibility* ay tataas sa 47% at 55-60% ayon sa pagkakasunod kapag hinaluan ng *urea molasses solution*.

Binubuo ng 93% tubig, 5%

molasses, at 2% *urea* ang *solution* na ihahalo sa dayami at iimbakin ng tatlong linggo sa silo (imbakan na walang hangin) bago ipakain sa alagang kalabaw.

Kasama ni Dr. Aquino si Dr. Tsutomu Fujihara, *PCC volunteer animal nutrition consultant* at Genaro Candelaria, *supervising livestock specialist* sa naturang pagsasanay na pinasimulan sa Gapan City at Bacolor, Pampanga nitong Hunyo 9.

Nakapagturo ang nasabing mga eksperto sa 62 magsasakang-maggagatas sa Gapan City, habang 20 naman ang dumalo sa ginawang pagsasanay sa Bacolor.

"Tatagal pa ang training na ito hanggang sa Disyembre 2016 base na rin sa bilang ng mga kooperatiba at iba pang *famers' association* na katuwang ng PCC na kailangan nating puntahan," ani Dr. Aquino.

Sinabi ni Dr. Aquino na nasa 33 koop pa ang sasailalim sa paggawa ng UTRS.

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng
Kagawaran ng Agrikultura

Rowena Galang-Bumanlag
Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Tagapamahalang Patnugot

Chrissalyn L. Marcelo
Marilou A. Vallarta
Tagapamahala ng Sirkulasyon

Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Khrizie Evert M. Padre
Paul John P. Villamor
Mga Manunulat

Marilou Santos
Lester S. Verona
Mga nag-ambag ng Artikulo
Chrissalyn L. Marcelo
Layout at Disenyo

Eric P. Palacpac
Tagapayo

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 34; fax no.: (044) 4560-730; at e-mail: pcc-oed@mozcom.com